VISIT DEPED TAMBAYAN
http://richardrrr.blogspot.com/

1. Center of top breaking headlines and current events related to Department of Education.
2. Offers free K-12 Materials you can use and share.

# 4

# Edukasyong Pangkatawan at Pangkalusugan

DEPED COPY

## Kagamitan ng Mag-aaral

Ang aklat na ito ay magkatuwang na inihanda at sinuri ng mga edukador mula sa mga publiko at pribadong paaralan, kolehiyo, at / o unibersidad. Hinihikayat namin ang mga guro at ibang nasa larangan ng edukasyon na mag-email ng kanilang puna at mungkahi sa Kagawaran ng Edukasyon sa action@deped.gov.ph.

Mahalaga sa amin ang inyong mga puna at mungkahi.

Kagawaran ng Edukasyon
Republika ng Pilipinas

All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

**Edukasyong Pangkatawan at Pangkalusugan – Ikaapat na Baitang**
**Kagamitan ng Mag-aaral**
**Unang Edisyon 2015**

Isinasaad ng Batas Republika 8293, seksiyon 176 na “Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-ari (sipi) sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito’y pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.”

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand names, tatak o trademarks, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagtibay ng isang kasunduan ng Kagawaran ng Edukasyon at Filipinas Copyright Licensing Society (FILCOLS), Inc. na ang FILCOLS ang kakatawan sa paghiling ng kaukulang pahintulot sa nagmamay-ari ng mga akdang hiniram at ginamit dito. Pinagsumikapang matunton upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon.

Tanging mga institusyon at kompanyang nakipagkontrata sa FILCOLS at yaong nakasaad lamang sa kasunduan, ang maaaring kumopya mula dito sa Kagamitan ng Mag-aaral. Ang hindi nakipagkontrata sa FILCOLS ay dapat, kung ninanais makakopya, makipag-ugnay nang tuwiran sa mga tagapaglathala at sa mga may-akda.

Maaaring tumawag sa FILCOLS sa telepono blg. (02) 439-2204 o mag-email sa filcols@gmail.com ang mga may-akda at tagapaglathala.

DEPED COPY

Mga Bumuo ng Kagamitan ng Mag-aaral

**Edukasyong Pangkatawan**

Punong Tagapamahala: Jenny Jalandoni Bendal
Konsultant: Salve A. Favila, PhD
Mga Tagasuri ng Nilalaman: Lordinio A.Vergara, Jo-ann G.Grecia, at Rachelle U. Peneyra
Mga Manunulat: Grace M. Forniz , Ruby TN Jimeno , Sonny F. Menese Jr., Teresita T. Evangelista, Genia V.Santos PhD, Julia B. Sabas, Rhodora B.Peña, at Amphy B. Ampong
Mga Tagasuri ng Wika: Norbert C. Lartec, PhD, Jane K. Lartec, PhD, at Crisencia G. Saludez
Mga Gumuhit ng Larawan: Gerardo G. Lacdao, Joselito P. Loresto, Niles S. Arguelles, Elvin Neal B. Bersamira, at Jason O. Villena
Mga Naglayout: Mark Anthony E. Jalandoni at Mickey C. Acorda

**Edukasyong Pangkalusugan**

Punong Tagapamahala: Marilou E Marta R. Benisano, M.A.P.A.
Konsultant: Evelina M. Vicencio, PhD
Mga Tagasuri ng Nilalaman: Rhodora Formento, at Cristina Sagum
Mga Manunulat: Mila C. Taño, Maria Teresita Garcia-Aguilar, Juvy B. Nitura EdD Marie Fe B. Estilloso, Mark Kenneth Camiling, Minerva David, Aidena Nuesca, Reyette Paunan, Jennifer Quinto, at Giselle Ramos
Tagasuri ng Wika: Michael De la Cerna
Mga Gumuhit ng Larawan: Roland Allan Nalazon at Sharlyn Sanclaria
Mga Naglayout: Ester E. Daso, Jerby S. Mariano, at Mickey C. Acorda

Inilimbag sa Pilipinas ng ___________________________________

Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS)
Office Address: 5th Floor Mabini Building, DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City
Philippines 1600
Telefax: (02) 634-1054, 634-1072
E-mail Address: imcsetd@yahoo.com

All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

# Pambungad

## Edukasyong Pangkatawan

Ang Kagamitan ng Mag-aaral na ito ng Ikaapat na Baitang ng Edukasyong Pangkatawan ay nilalaan para sa inyong mga  mag-aaral upang mapag aralan ang asignaturang ito. Ang Kagamitan ng Mag-aaral na ito ay pinauunlad upang makatulong sa pagsasakatuparan ng kurikulum ng Ikaapat na Baitang at makapaglaan ng sapat na *competencies* sa pag-aaral ng asignaturang ito. Sa pamamagitan ng kagamitang ito ay tiyak na magiging panatag sa pagtugon ng mga ninanais  na pamantayan o *standards* na siyang nakasaad sa kurikulum.

## Edukasyong Pangkalusugan

Magandang Buhay mga Bata!

Ang aklat na ito ay naglalayong makapag-ambag ng mahahalagang kaalaman, kasanayan sa asignaturang Edukasyong Pangkalusugan para sa ikaapat na baitang, batay sa kasalukuyang balangkas ng kurikulum ng Kagawaran ng Edukasyon na nakapaloob sa kompetensiya ng K to 12 Health Curriculum Guide ng K to 12 Enhanced Basic Education Program.

Kumakatawan sa unang yunit ang wastong nutrisyon na  kailangan para sa maayos na paglaki at pag-unlad. Ang pagkain ay isa sa pangunahing pinagkukunan ng sustansiya para sa katawan. Ang wasto, balanse, at ligtas na pagkain ay nakatutulong upang matiyak ang wastong nutrisyon para sa ating kalusugan at matiyak ang tamang sustansiya, sukat, at kaligtasan ng pagkain. Mauunawaan din dito ang kahalagahan ng pagsuri at pagpapanatiling malinis at ligtas ang pagkain upang maiwasan ang sakit na dala ng marumi at hindi ligtas na pagkain.

Saklaw ng ikalawang yunit ang iba't ibang uri ng mga karaniwang sakit, kung paano ito maiiwasan at isagawa ang mga gawaing pangkalusugan laban sa mga sakit.

Binigyang-diin sa ikatlong yunit ang kahalagahan ng wastong paggamit ng gamot upang hindi malagay sa panganib ang ating kalusugan.

Sa ikaapat na yunit matututunan ang mga gawain sa oras ng  kalamidad at sakuna tulad ng lindol, bagyo, pagputok ng bulkan, at sunog na maaaring magdulot ng malaking pinsala sa mga ari-arian at maging sa buhay ng tao.

DEPED COPY

All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## TALAAN NG MGA NILALAMAN

# Edukasyong Pangkalusugan

**YUNIT II**


Aralin 1 Nakahahawang Sakit…
Alamin Kung Bakit?............................................281

Aralin 2 Mikrobyong Maliliit, Nakasasakit..........................287

Aralin 3 Daloy ng Impeksiyon,
Mabilis ang Aksiyon!............................................295

Aralin 4 Pag-iwas ay Gawin
Upang Di-maging Sakitin......................................302




All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

DEPED COPY

# YUNIT II
# EDUKASYONG PANGKALUSUGAN



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

# YUNIT II

# SAKIT AT KARAMDAMAN, ATING IWASAN

| Pamantayang Pangnilalaman | Pamantayan sa Pagganap |
|---|---|
| Nauunawaan ng mag-aaral ang katangian, pag-iwas, at pagsugpo sa mga karaniwang nakahahawang sakit. | Naisasabuhay ang pansarili at pangkapaligirang hakbangin sa pag-iwas at pagsugpo ng mga karaniwang nakahahawang sakit. |

**Batayang Kasanayan**

a. Nailalarawan ang mga nakahahawang sakit

b. Naiisa-isa ang iba't ibang elemento o sangkap ng *chain of infection* (kadena na impeksiyon)

c. Nailalarawan kung paano naipapasa o naisasalin ang mga nakahahawang sakit mula sa isang tao sa ibang tao

d. Nailalarawan ang mga nakahahawang mga sakit

e. Naipakikita ang mga pamamaraan kung paano mapananatiling malusog ang katawan at pagsugpo sa karaniwang nakahahawang sakit

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Subukin Natin

Lagyan ng tsek (✓) ang ◯ kung nagpapakita ng magandang gawaing pangkalusugan at ekis (**X**) kung hindi.

◯ 1. Araw-araw na paliligo

◯ 2. Pagtulog ng "*late*" tuwing gabi-gabi

◯ 3. Kawalan ng pang-araw-araw na pisikal na gawain

◯ 4. Pagkain ng balanse at masustansiya

◯ 5. Pagbisita sa doktor kung kinakailangan lamang

Piliin ang letra ng tamang sagot at isulat sa iyong sagutang papel.

6. Alin ang maaaring dahilan ng pagkakasakit ng isang tao?
   A. regular na pagpapabakuna
   B. paghuhugas ng kamay
   C. pagtulog sa oras ng klase
   D. paghina ng resistensiya

7. Alin ang dapat gawin sa kamag-anak na may sakit?
   A. Subuan siya ng pagkain.
   B. Iabot sa bintana ang kaniyang pagkain.
   C. Gumamit ng 'mask' kung lalapitan siya.
   D. Komunsulta sa manggagamot para sa pag-aalaga ng may sakit.

8. Ano ang dapat gawin ng isang taong may sakit?
   A. magtago sa kaniyang silid
   B. makihalubilo sa ibang may sakit
   C. kumain, matulog, at manood ng TV
   D. mamahinga at sundin ang payo ng doktor

9. May ubo't sipon ang iyong kaklase. Ano ang dapat mong gawin upang hindi ka mahawa?
   A. Pahiramin siya ng panyo.
   B. Payuhan siyang umuwi na.
   C. Magtakip ng ilong at bibig kapag kausap siya.
   D. Sabihan siyang lumipat ng upuang malayo sa iyo.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

10. Alin ang sanhi ng *dengue*?
    A. *Virus* na dala ng lamok
    B. Ihi ng dagang sumama sa tubig
    C. Kontaminadong pagkain
    D. *Bacteria* na nagmumula sa bulate

11. Anong sakit ang may impeksiyon sa atay?
    A. Alipunga
    B. *Hepatitis*
    C. Pulmonya
    D. *Tuberculosis*

12. Anong sakit ang maaaring makuha sa ihi ng daga na sumasama sa tubig?
    A. *Amoebiasis*
    B. *Hepatitis*
    C. *Leptospirosis*
    D. *Tuberculosis*

13. Ito ay impeksiyon ng tubong dinadaanan ng hangin sa paghinga.
    A. *Pigsa*
    B. *Ubo*
    C. *Sakit sa balat*
    D. *Sipon*

14. Alin ang maaaring maging tagapagdala ng *Amoebiasis*?
    A. Bulate
    B. Daga
    C. Lamok
    D. Kuto

15. Lumusong si Ana sa tubig-baha noong nakaraang bagyo. Anong sakit sa balat ang nakuha ni Ana dahil sa pagkababad sa baha?
    A. Alipunga
    B. An-an
    C. Buni
    D. Eksema

16. Alin ang tagapagdala ng sakit na *Leptospirosis*?
    A. Daga
    B. Dugo
    C. Tuwalya
    D. Heringgilya (*Injection*)

17. Anong uri ng karamdaman sa bahagi ng katawan ang may pamamaga ?
    A. Ubo
    B. Sipon
    C. Pigsa
    D. Alipunga

18. Nakita mong nilalangaw at walang takip ang iyong basurahan, ano ang iyong gagawin?
    A. Sisigan ito
    B. Tatakpan ko ito
    C. Hindi papansinin
    D. Patatakpan ko sa ate ko

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

19. Niyaya ang iyong kapatid ng kaniyang mga kaibigang magtampisaw sa baha. Ano ang iyong gagawin?
    A. Sasawayin ko sila.
    B. Hindi ko sila papansinin.
    C. Isusumbong ko sila sa aking nanay.
    D. Sasama ako sa kanila upang bantayan sila.

20. Alin ang dapat mong ugaliin upang hindi magkasakit?
    A. Pagliligo ng dalawang beses isang linggo.
    B. Pagkain ng masasarap at matatamis
    C. Paghuhugas ng kamay
    D. Pagtulog maghapon

21. Aling gawain  ang mabuti sa kalusugan?
    A. Pag-inom ng tubig mula sa gripo
    B. Pagpapakulo ng tubig bago inumin
    C. Pagkonsulta sa doktor kung malala na
    D. Hindi paghuhugas ng kamay bago at pagkatapos kumain

22. Aling gawain ang makatutulong sa pagpapanatili ng mabuting kalusugan?
    A. Pagliligo kung kailan lamang gusto
    B. Paglilinis ng katawan at pagliligo araw-araw
    C. Pagsesepilyo ng tatlong beses sa isang linggo
    D. Pagpapalit ng damit panloob tuwing ikalawang araw

23. Alin ang pinakaangkop na kahulugan ng kalusugan?
    A. Ang kalusugan ay pagkakaroon ng maayos na katawan.
    B. Ang kalusugan ay pagkakaroon ng maayos na tahanan.
    C. Ang kalusugan ay pagkakaroon ng maayos na pagkain.
    D. Ang kalusugan ay pagkakaroon ng maayos na kayamanan.

24. Ano ang kahalagahan ng pagkonsulta sa doktor?
    A. Nasusuri ang kalagayan ng kalusugan
    B. Nareresetahan ng gamot na dapat inumin
    C. Naipaliliwanag ang iba't ibang karamdaman
    D. Nasasabi sa pasyente na ang kanser ay maiiwasan

25. Alin ang nagpapakita ng pakikiisa sa pagpapanatili ng kalinisan sa pamayanan?
    A. Paglilinis ng tahanan
    B. Wastong pagtatapon ng basura
    C. Paglilinis ng bakuran
    D. Paglilinis ng katawan

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

# Simulan Natin




**"Ang kalusugan ay kayamanan."**

Sa iyong palagay, kayamanan nga ba ang kalusugan? Bakit?

Ang kasabihang ito ay nangangahulugang ang taong malusog ay may masiglang buhay. Ang malusog na pangangatawan ay nakatutulong din na makaiwas sa iba't ibang sakit.

Tinatalakay sa yunit na ito ang iba't ibang uri ng mga karaniwang sakit upang higit itong maunawaan kung paano iiwasan. Inaasahan din na makatutulong ang yunit na ito upang higit na pahalagahan at isagawa ang mga gawaing pangkalusugan laban sa mga sakit.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

# Aralin 1

## Mga Nakahahawang Sakit… Alamin Kung Bakit?



DE

Ang sakit ay hindi normal na kalagayan ng kalusugan ng isang tao. Ito ay maaaring sanhi ng hindi maayos na kondisyon ng mga selyula o bahagi ng katawan. Maaari din itong sanhi ng mga mikrobyong nagdudulot ng sakit.


May dalawang uri ang sakit: ang nakahahawang sakit at di-nakahahawang sakit. Ang hindi nakahahawang sakit ay hindi naisasalin mula sa isang tao papunta sa ibang tao. Ito ay maaaring nakuha mula sa nakagawian at maling paraan ng pamumuhay (*lifestyle*). Sa kabilang dako, ang nakahahawang sakit ay naipapasa ng isang tao, hayop o bagay sa ibang tao kung kaya't kilala rin ito bilang "*Lifestyle*" *disease*.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Ilang halimbawa ng hindi nakahahawang sakit ay *asthma, alzheimer's, appendicitis, cancer, cystic fibrosis, ear infection, epilepsy, diabetis, ulcer, stroke*, sakit sa puso, at daluyan ng dugo.


Ang nakahahawang sakit ay nagmumula sa mga mikrobyo na pumapasok at sumisira sa mga selyula (*cells*) ng katawan. Nangangailangan ito ng dagliang pagsugpo at masusing pag-iingat upang maiwasan ang paglaganap nito.



## Pag-usapan Natin

### Mapa ng mga Konsepto

Sumulat ng mga salitang may kaugnayan sa salitang nasa loob ng bilog.




DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Ang sakit ay ________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________



## Pag-aralan Natin

**Basahin ang talata at sagutin ang mga tanong sa ibaba.**

Ang **sakit** ay anomang kalagayan na hindi pangkaraniwang nararamdaman ng isang tao. Ang sakit ng tao ay maaaring nakahahawa o hindi nakahahawa. Ito ay maaaring sanhi ng hindi maayos na kondisyon ng mga selyula o parte ng katawan. Ito rin ay maaaring sanhi ng mga mikrobyong nagdudulot ng sakit.

Ito ay maaaring dumapo kaninoman – bata man o matanda, mayaman man o mahirap ngunit ito ay maiiwasan. Ang isang taong may mahinang resistensiya (*immune system*) ay madaling kapitan ng sakit at karamdaman.

Gayundin, maaaring sanhi at dala ito ng kapuwa tao, hayop, pagkain, at kapaligiran – lupa, tubig, at hangin. Mabuting malaman ang dahilan, sintomas, at pagsugpo rito upang mapanatili ang kalusugan.

Sagutin ang sumusunod na tanong.
1. Ano ang sakit?
2. Ano ang sanhi ng sakit?
3. Paano nakukuha ang sakit?

DEPED COPY




All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

***Tandaan:***

Ang nakahahawang sakit ay madaling kumalat at naipapasa sa iba. Ito ay dala ng mga *pathogens* o mikrobyo na pumapasok at sumisira sa mga selyula sa loob ng katawan.

Kumakalat ang mga mikrobyo ng nakahahawang sakit sa pamamagitan ng iba't ibang tagadala tulad ng tao, hayop, hangin, tubig, pagkain, at iba pa.



## Pagsikapan Natin

**Pasa-pasa:**

Bumuo ng isang grupo na may 5-6 na miyembro.

**Kagamitan:** bola at *glitters*

Pagpasa-pasahan ang bolang may *glitters* habang inaawitang **"Tayo ay Magsama-sama"** nang nakahanay na pabilog ang iyong grupo.

**Mga Tanong:**

1. Ano ang nangyari sa *glitters* ng bola?
2. Paano mo maiuugnay ang nakahahawang sakit sa nangyari sa *glitters* habang ipinapasa ang bola?

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Pagyamanin Natin

### *Word Association*

Maglista ng mga salitang maiuugnay mo sa mga sakit at karamdaman na nasa loob ng kahon.

| | | |
|---|---|---|
| Ubo | *Sore eyes* | Trangkaso |
| Tuberkulosis | Beke | Alipunga |
| An-an | Tigdas | Bulutong-Tubig |
| *Sore eyes* | *Dengue* | Pigsa |

### Kaya Natin

Magbigay ng tatlong halimbawa ng nakahahawang sakit, ang sintomas nito at kung paano ito maiwasan. Isulat sa kahon ang iyong sagot.

| Nakakahawang Sakit | Katangian/Sinto-mas | Pag-iwas |
|---|---|---|
| 1. | | |
| 2. | | |
| 3. | | |


DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Pagnilayan Natin

Ano ang gagawin mo upang makaiwas sa nakahahawang sakit? Isulat ang sagot sa loob ng *star graphic organizer*.





All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

# Aralin 2

## Mikrobyong Maliliit, Nakasasakit

Ang sakit ay mga mikrobyong dala ng mga hayop at mga taong may karamdaman. Ito ay maaaring makuha sa ating kapaligiran. Maaari rin itong mailipat sa mga taong mahihina ang resistensya.





All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Pag-usapan Natin

***Picture, Picture***

Suriin ang mga larawan. Pagkatapos, sagutin ang mga tanong.



- Batay sa mga larawan, ano-ano ang maaaring dahilan ng pagkakasakit ng isang tao?
- Ano-ano ang mga nakahahawang sakit maaaring makuha sa mga nasa larawan? Ipaliwanag ang sagot.
- Kung ikaw ang nasa sitwasyon sa larawan, ano ang iyong gagawin upang makaiwas sa nakahahawang sakit?



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Pag-aralan Natin

May tatlong mahalagang elemento ang pagkalat ng nakahahawang sakit at karamdaman. Ito ay ang ***susceptible host*** o tao, sanhi ng mga mikrobyo (***pathogens***), at ang kapaligiran.

1. **Ang *susceptible host*** o sinomang tao ay maaaring kapitan ng *pathogen* o mikrobyo. Kung malusog ang isang tao, hindi siya madaling dapuan ng sakit. Samantala, madaling kapitan ng nakakahawang sakit ang isang taong mahina ang resistensya.

2. **Ang mikrobyo *(Pathogens)*** ay mga mikrobyong nagdudulot ng sakit tulad ng *virus*, bakterya, *fungi* at *parasite*. Sa sobrang liit, ang mga ito ay makikita lamang sa pamamagitan ng mikroskopyo. May iba't ibang hugis, sukat, at anyo ang mikrobyo. Ito ay sanhi ng pagkakasakit ng isang tao.

   **Mga uri ng Mikrobyo (*Pathogens*):**

   a. ***Virus*** – pinakamaliit na mikrobyo na makikita lamang sa pamamagitan ng mikroskopyo. Nagiging sanhi nito ang ubo, trangkaso, tigdas, beke, at bulutong-tubig.
   b. ***Bacteria*** – mas malaki ito kaysa sa *virus* at nabubuhay kasama ng hangin, tubig, at lupa. Nagiging sanhi nito ang *tuberculosis*, ubong may tunog, at *diphtheria*.
   c. ***Fungi*** – tila halamang mikrobyo na nabubuhay at mabilis dumami sa madidilim at mamasa-masang lugar. Nagiging sanhi nito ang alipunga at iba pang sakit sa balat.
   d. **Bulate *(Parasitic Worms)*** – pinakamalaking pathogen na nabubuhay sa *intestinal walls* at nakikipag agawan sa sustansya para sa katawan. Ang *Ascaris, Tapeworm at Roundworm* ay mga halimbawa nito.

3. **Ang Kapaligiran** ay isang elemento sa pagkalat ng mikrobyo na maaaring sumasama sa himpapawid at hangin (*airborne)*, at tubig (*waterborne)*.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means -
electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

**Pag-aralan ang Tsart:**

Ilan sa mga karaniwang sakit ng mga tao ay nakukuha sa kapaligiran at maaari itong dumapo sa iba.

**Mga Sakit na Dala ng Virus**

| Sakit | Pagsalin ng Sakit | Mga Palatandaan (*Signs*)/Sintomas (*Symptoms*) | Pag-iwas at Pagsugpo |
|---|---|---|---|
| Sipon (*Common Colds*) (*virus*) | • Pumapasok ang *virus* sa ilong sa pamamagitan ng paglanghap, pag-ubo, pagbahing, direktang kontak sa mga gamit na kontaminado ng *virus* ng sipon. | • Baradong ilong<br>• Hirap na paghinga<br>• Pangangati at pamamaga ng lalamunan<br>• Hirap lumunok ng pagkain<br>• sinat at lagnat | • Uminom ng 8-12 baso ng tubig<br>• Iiwas ang bata sa usok (mula sa sigarilyo, sasakyan) |
| Ubo (*Cough*) (*pneumonia*) | • Sanhi ng *bacteria.*<br>• Impeksiyon ito ng tubong dinadaanan ng hangin sa paghinga (*respiratory tract*) | • Ubong mahigpit na tila kahol-aso<br>• Lagnat | • Dagdagan ng gatas o maligamgam na tubig para ma-*relax* ang *vocal cords* at lumuwag ang plema |
| Trangkaso (*influenza*) | • Impeksiyon ng sistemang paghinga (*respiratory system*) na sanhi ng *Hemophilus influenza virus*<br>• Nasasagap ang *virus* mula sa *droplets* na lumalabas sa bibig o ilong ng isang taong may trangkaso | • Lagnat na $38^{o}$- $40^{o}$*Celsius*<br>• Giniginaw<br>• Sakit ng ulo, kalamnan, at mga kasu-kasuan<br>• Masakit na lalamunan *(sore throat)*<br>• Baradong ilong o tumutulong sipon | • Umiwas sa mga taong may trangkaso<br>• Uminom ng maraming tubig |

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

| | | | |
|---|---|---|---|
| Tuberkulosis (TB) | • Isang impeksiyon na sanhi ng mikrobyong *Mycobacterium tuberculosis*<br>• Paglanghap ng *droplets* mula sa isang taong may TB kung siya ay nagsasalita, umuubo, o bumabahing. | • Madaling mapagod<br>• Walang ganang kumain<br>• Pagbaba ng timbang<br>• Pag-ubo na may kasamang plema at dugo<br>• Nilalagnat at giniginaw sa hapon | • Pagkakaroon ng tamang nutrisyon at ehersisyo.<br>• Magtakip ng bibig at ilong kung may kausap na taong inuubo<br>• Ihiwalay ang kagamitan ng taong may TB |
| Pulmonya (*Pneumonia*) | • Sakit na nakaaapekto sa baga<br>• *virus*, *bacteria*, o *fungi* | • Hirap sa paghinga<br>• Kulang ng oksiheno (*oxygen)* sa katawan | • Pagpapabakuna<br>• Wastong nutrisyon<br>• Kalinisan sa sarili at kapaligiran |
| (*Hepatitis* A) Sakit sa atay | • Isang matinding impeksiyon sa atay sanhi ng *virus* na maaaring makuha sa maruming pagkain o inuming tubig. | Paninilaw ng balat at puti ng mata<br>• Pananamlay<br>• Kulay putik na dumi<br>• Nagsusuka<br>• Nilalagnat<br>• Giniginaw<br>• Pagsakit ng ulo<br>• Pagsakit ng tiyan | • Tiyaking malinis ang kinakain<br>• Sanaying maghugas ng kamay bago kumain o humawak ng pagkain at matapos gumamit ng banyo<br>• Kumonsulta sa doktor sa sandaling maghinalang may *Hepatitis A*<br>• Sapat na pahinga<br>• Tamang nutrisyon<br>• Magpabakuna |
| Sakit sa Balat (*Dermatitis*) | • Sanhi ng mga *bacteria, fungi* | • Pamamantal o pamamaga ng balat<br>• Namumula<br>• Nangangati | • Maging malinis sa lahat ng oras |

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

| | | | |
|---|---|---|---|
| *Dengue Fever* | • Impeksiyon dahil sa kagat ng lamok na may dalang *dengue virus* | • May lumilitaw na *skin rash* pag bumaba ang lagnat<br>• Biglaang tumataas ang lagnat | • Maglinis ng bahay at paligid araw-araw, lalo na sa mga lugar na madilim.<br>• Alisin ang nakaimbak na tubig na pinamumugaran ng lamok. |
| *Leptospirosis* | • *Bacteria* na pumapasok sa balat o sugat mula sa tubig-baha o basang lupa o halaman kung saan may ihi ng daga | • Nilalagnat<br>• Pananakit ng kalamnan at kasu-kasuan | • Iwasang maligo o magtampisaw sa tubig-baha o maruming tubig<br>• Kumonsulta sa doktor kung nakararanas ng mga sintomas na nabanggit |

*Ref. Delos, Reyes, D. , (2008), Makati City Iwas-Sakit Mula*

## Pagsikapan Natin

Iaayos ang mga ginulong letra upang mabuo ang tamang salita sa tulong ng katangian o paglalarawan.

| **Ginulong Titik** | **Nabuong Salita** | **Katangian/Paglalarawan** |
|---|---|---|
| I M K Y O R B O | | dahilan ng pagkakasakit ng isang tao |
| A B O S N | | nakatutulong upang maalis ang mikrobyo |
| R I U V S | | isang uri ng mikrobyo |
| K S I T A | | dulot ng mikrobyo, *bacteria, fungi, parasite*, at *virus* |
| K T A B E Y R A | | isa pang uri ng tagapagdala ng sakit |
| G T B I U | | gamit sa paglilinis ng mga kamay |

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

### *Pathogens* Kilalanin

Magbigay ng katangian ng *pathogens*.

| Pathogens | Katangian | Karaniwang Dulot na Sakit |
|---|---|---|
| *Virus* | | |
| *Fungi* | | |
| *Bacteria* | | |
| *Parasites* | | |

### Pagsulat ng *Slogan*

Sumulat ng *slogan* ukol sa paraan ng pag-iwas sa anomang uri ng *pathogens*.

***Rubrics*:**

5 pts – (80 - 100%) – Malinaw ang konseptong ipinahahayag sa *slogan*. Malinis at walang mali ang pagkakasulat (presentasyon) ng *slogan*.

3 pts – (50 - 70%) – Kulang ang konseptong ipinahahayag sa *slogan*. Hindi gaanong malinis at may bura (*erasure*) ang pagkasulat ng *slogan*.

1 pt – (40 - pababa) – Sumubok sumulat ng *slogan*. Hindi malinaw ang konsepto ng *slogan* na isinulat. Mahigit sa dalawa ang bura (*erasure*) at hindi malinis ang pagkakasulat ng *slogan*.

## Pagyamanin Natin

Gumawa ng *graphic organizer/flow chart* na nagpapakita ng iba't ibang paraan/dahilan ng pagkalat ng sumusunod na sakit.

1. *Virus*
2. *Fungi*
3. *Bacteria*
4. *Parasites*

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Gumawa ng dayalogo ukol sa sitwasyon sa mga dahilan at elemento ng pagkakasakit ng tao.

## Pagnilayan Natin

Bilang isang mag-aaral, papaano mo maibabahagi ang iyong natutuhan sa araling ito sa ibang kasapi ng iyong pamilya? (Isulat ang sagot sa loob ng puso.)

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

# Aralin 3

## Daloy ng Impeksiyon, Mabilis ang Aksiyon!

### Pag-usapan Natin

Suriin ang dayalogo. Sagutin ang sumusunod na tanong.





1. Ano ang payo ng Nanay sa ate nang malaman niyang may lagnat at ubo?
2. Bakit pinigilan ng Nanay si Lito na lumapit sa kaniyang ate?
3. Paano nakahahawa ang sakit?



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

### *Picture Analysis*

Tingnang mabuti ang larawan sa ibaba.



**Larawan A**




**Larawan B**

Ano ang ginagawa ng batang nasa mga larawan?

Tama ba ang ginawa ng bata sa larawan A at larawan B? Bakit?

Sa iyong palagay, ano-ano ang maaaring maging dulot ng ubo at sipon sa ibang tao?



## Pag-aralan Natin

Basahin ang talata tungkol sa Kadena ng Impeksiyon (*Chain of Infection*)

Ang nakahahawang sakit ay maaaring maipasa ng isang tao sa ibang tao. Ipinakikita ng daloy ng impeksiyon ang mga sangkap sa pagdaloy ng karamdaman o impeksiyon.


Ang pagkalat ng impeksiyon ay maaaring tuwiran (*direct*) o di-tuwiran (*indirect*). Maaaring maipasa ang nakahahawang sakit sa pamamagitan ng likido at iba pang bagay gaya ng laway, sipon, ihi, dumi, at dugo. Maaari din itong maipasa sa pamamagitan ng personal na gamit tulad ng heringgilya, suklay (kuto), tuwalya, (an-an at buni), tsinelas (alipunga), at iba pa.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Napapasok nito ang katawan ng tao sa pamamagitan ng paglanghap, sa balat, sa sugat, at pakikipagtalik.




**Sangkap ng Kadena ng Impeksiyon**

A. ***Causative/Infectious Agents (Pathogens)*** – ito ay mga mikrobyo o mikroorganismo na nagdudulot ng nakakahawang sakit.

B. ***Reservoir or Source (Host)*** – lugar kung saan nananahan at nagpaparami ang mga *causative agents*. Ito ay maaaring tao, hayop, tubig, lupa, pagkain, tuwalya, pinggan, kutsara, tinidor, at iba pa.

C. ***Mode of Exit*** – mga labasan ng *mikrobyo.* Halimbawa nito ay sa bibig ng isang tao kung saan tumatalsik ang laway habang nagsasalita, humahatsing o bumabahing, o umuubo. Ang sipon, dumi, at dugo ay halimbawa rin.

D. ***Mode of Transmission*** – paraan ng pagsasalin o paglilipat ng mikrobyo (*causative agent*) sa ibang tao sa pamamagitan ng *droplets, airborne, foodborne, vectorborne*, at *bloodborne.* Ang nakahahawang sakit ay maaaring masalin sa ibang tao sa pamamagitan ng sumusunod:

- Pagkagat sa pagkain ng may sakit o pagsalo sa kanilang pagkain.
- Hangin, tubig, at lupa




All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

- Dugo, laway, dumi, at ihi
- Paghawak o paghipo sa *infected* na tao, o bagay o kasangkapan

E. ***Mode of Entry*** – daanan ng mikrobyo ang katawan ng ibang tao. Maaaring ito ay sa pamamagitan ng bibig, ilong o balat. Ang bukas na sugat ay madaling pasukan ng mikrobyo kaya kinakailangan ang higit na pag-iingat upang makaiwas sa impeksyon o sakit.

F. ***Bagong Tirahan (Susceptible Host)*** – ang sinomang indibidwal na may mahinang resistensya ay madaling kapitan ng sakit.



## Pagsikapan Natin


**Mikrobyo, Kilalanin Mo**

Kagamitan:

- Tsart ng *bacteria*, katangian, sakit na dulot, at hugis ng bawat isa.
- *clay*

Pamamaraan:



1. Pag-aralan ang tsart ng *germs*.

| ***Pathogens*** | **Katangian** |
|---|---|
| *Bacteria*  | Maliliit na organismong nakikita lamang sa pamamagitan ng mikroskopyo.<br>Mabilis kumalat sa mamasa-masang lugar.<br>Maaaring makuha sa pagkain at inumin.<br>Mas malaki kaysa *virus.* |

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

| | |
|---|---|
| *Virus*  | Mula sa salitang Latin na ang ibig sabihin ay *toxin* o lason.<br>Pinakamaliit na uri ng *microorganism* na nakikita sa pamamagitan ng *light microscope.*<br>Ang mga *virus* ay katangi-tanging organismo dahil hindi nito kayang dumami nang walang *host cell*.<br>Ang mga *virus* ay maaaring isalin ng ina papunta sa anak o mula sa isang pasyente sa iba.<br>May mga *virus* na maaaring maikalat sa simpleng paghawak o pagdidikit ng balat, sa pamamagitan ng laway, pag-ubo, o pagbahing o pakikipagtalik, dumi, kontaminadong pagkain o inumin, at insekto gaya ng lamok. |
| *Fungi*  | Matatagpuan sa iba't ibang bahagi ng katawan mula ulo hanggang paa na mukhang halaman. |
| *Parasitic Worms*  | Pinakamalaking uri ng *microorganism* na karaniwang nabubuhay sa lugar na matubig. |

2. Imolde gamit ang *clay* ang napili mong gayahing mikrobyo mula sa tsart.
3. Ibahagi sa klase ang iyong ginawa.

Maaaring humanap ng kagrupo upang maipakita ang katangian ng napiling mikrobyo at kung paano ito dumadaloy sa kadena ng impeksiyon.

DEPED COPY





All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.


## Pagyamanin Natin

**Mikrobyong Palipat-lipat**

